# Mas Malalakas na Proteksyon mula sa Lead sa Iniinom na Tubig:
# Mga Sumunod na Hakbang para sa Tuntunin sa Lead at Copper

Ang science sa lead ay napagkasunduan na nitong mga nakaraang dekada. Walang ligtas na antas ng pagkakalantad sa lead. Sa iniinom na tubig, ang pangunahing pinagkukuhanan ng lead ay mula sa mga tubo, na may ipinapakitang panganib sa kalusugan ng mga bata at adult. Ang U.S. Environmental Protection Agency (EPA) ay nangangako na gamitin ang bawat available na tool —nasa batas na kapangyarihan sa ilalim ng Safe Drinking Water Act, teknikal na tulong, pagpopondo para sa pag-aalis ng lead service line, at marami pang iba —para protektahan ang lahat ng Mga American mula sa lead sa iniinom na tubig. Makikipagtulungan ang agency sa lokal, pang-estado at pederal na mga kapartner para makapagsagawa ng mabilis na pagsulong sa mithiin ni Presidente Biden na alisin ang 100% ng mga lead service line, na naka-focus sa pagbibigay priyoridad sa mga komunidad na di makatuwirang naaapektuhan ng kontaminasyon ng lead.

Noong Disyember 16, 2021, ipinahayag ng EPA ang mga susunod na hakbang para mapalakas ang regulatory na balangkas sa lead sa iniinom na tubig. Kasunod ng review ng agency sa Lead and Copper Rule Revisions (LCRR) sa ilalim ng Executive Order 13990, nasabi ng EPA na may malalaking mga oportunidad para mapahusay ang tuntunin upang masuportahan ang layunin na proactive na maalis ang mga lead service line at higit pa, sa pagpoprotekta sa kalusugan ng publiko Ang kritikal na review ng EPA sa PCRR ay isang matata na pagsali ng publiko. Namuno ang ahensya sa mga serye ng kaganapan mula Abril hanggang Agosto ng 2021 para makuha ang input ng publiko. Ang mga pagpupulong na ito ay kinabilangan ng dalawang araw ng session sa pakikinig sa publiko, 10 mga community roundtable, isang Tribal roundtable, isang national stakeholder association roundtable, isang national co-regulator na pagpupulong, at isang meeting sa mga organisasyon na kumakatawan sa mga nahalal na opisyal.

Sa isang Federal Register Notice, ipinahayag ng EPA na ang LCRR ay magkakaroon ng bisa para suportahan ang malapit na sa terminong development ng mga ginawa para mabawasan ang lead sa iniinom na tubig. Kasabay nito, gagawa ang EPA ng isang bagong namungkahing tuntunin para mapatibay ang mga pangunahing elemento ng tuntunin. Inaasahan ng agency na matapos ang parating na Lead and Copper Rule Improevments (LCRI) bago sumapit ang Oktubre 16, 2024, ang unang petsa ng dapat makasunod ang LCRR.

## Pagpapatupad ng Mga Pagbabago sa Lead at Copper na Tuntunin

Napagpasyahan ng agency na may mga pagsulong sa LCRR. Tiyak na dito, ang mga imbentaryo ng lead service line ay gagawin sa ilalim ng LCRR ay kinakailangan para matamo ang 100% na pag-aalis ng mga lead service line. Nilalayon ng EPA na mapanatili ang mga requirement ng impormasyon para maisumite ang mga ito sa paunang imbentaryo ng lead service line sa kasalukuyang natakdang petsa na Oktubre 16, 2024. Ang pananatili sa takdang huling araw na ito ay nagtitiyak na ang mga system ng tubig ay patuloy na uunlad para matiyak ang mga lead service line, na mahalaga sa mga pagsisikap na mabawasan ang lead.

Para makatulong sa mga lokal na water system, ang mga agency ng estado at iba pang mga kapartner nito, ang EPA ay nangangako na **magpalabas ng mga bagong patnubay para sa LCRR.** Magpapalabas ang EPA ng patnubay sa pag-develop ng mga imbentaryo sa mga lead service line, kasama na ang pinakamahusay na mga pamamalakad, mga case study, at mga template. Isinasapanahon rin ng EPA ang Safe Drinking Water Information System para masuportahan ang Tribal data management ng mga pangangailangan ng estado para sa mga imbentaryo.

## Bagong Kilos sa Paggawa ng Tuntunin: Mga Pagpapahusay sa Lead at Copper Rule:

Nilalayon ng EPA na agad na simulan ang pagbuo sa namungkahing National Primary Drinking Water Regulation: Ang Lead and Copper Rule Improvements para matugunan ang mga pangunahing isyu at oportunidad na nakilala sa aming review. Nilalayon ng EPA na maipahayag sa madla ang LCRI bago ang Oktubre 16, 2024.

**Bigyang Focus ang Mga Area para sa Namungkahing Pagtatakda ng Tuntunin**

- **Pagpapalit sa lahat ng mga Lead Service Line.** Ang pagpapalit sa lahat ng mga lead service line ay mahalaga sa layunin para sa pampublikong kalusugan. Nilalayon ng EPA na magmungkahi ng mga requirement na, kasama ng iba pang mga kilos, papalit sa lahat ng mga lead service line kaagad. Ang mungkahi ng EPA ay ganap na ikokonsidera ang kapangyarihan ayon sa batas ng agency at mga hinihiling na analysis, kasama na ang economic na anaysis.
- **Pagsunod sa Sampling ng Tap.** Nilalayon ng EPA na tasahin ang data para masaalang-alang ang mga oportunidad para mapatibay ang mga requirement sa compliance tap sampling. Ang mga matatag na pamamaraan sa tap sampling ay mahalaga upang kilalanin ang mga lokasyon na may mas mataas na lead, kung ang pinagmumulan ng lead ay isang lead service line o leaded plumbing material sa isang tirahan.
- Kilos at Mga trigger Level. Sa namungkahing tuntunin, pinaplano ng agency na tumuklas ng mga opsyon para mabawasan ang kahirapan at kalituhan na may kaugnayan sa mga level na ito na nakatuon sa pagbabawas ng mga panganib sa kalusugan sa mas maraming mga komunidad. Tatasahin rin ng agency kung ang mga requirement para sa trigger level ng LCRR ay kinakailangan par in na may proactive na kapalit sa lead service line at mas protektibong antas ng kilos.
- **Pagbibigay priyoridad sa Alam na sa Kasaysayan na Mahihinang Komunidad.** Nilalayon ng EPA na tuklasin kung paano mapapalitan ang mga lead service line sa isang paraan na nagbibigay

priyoridad sa mga hindi masyado napaglilingkurang mga komunidad. Tatasahin ng EPA ang mga opsyon para bigyang priyoridad ang pag-aalis ng mga lead service line sa mga komunidad na di wastong naapektuhan ng lead sa iniinom na tubig. Ang layunin ng mga posibleng pagpapahusay sa mga regulasyon para sa pagpapalit sa lead service line—kasama ng wala sa regulasyon na mga kilos—ay mas angkop para protektahan ang kalusugan ng publiko.

## Karagdagang Mga Kilos para Mabawasan ang Lead sa Iniinom na Tubig

Napagpasyahan ng EPA na may mga karagdagang kilos sa labas ng SDWA regulatory framework para sa Lead and Copper Rule na higit pang makakapagbawas ng lead sa iniinom na tubig. Kasama sa mga ito ang:

- **Karagdagang mga Pondo sa Imprastraktura.** Sinabi ng EPA na maglalaan ito ng $2.9 bilyon sa Bipartisan Infrastructure Law na pagpopondo para sa mga estado, Tribe at territory para alisin ang mga lead service line. Ngayong 2022, ang paglalaan ng una sa limang mga allotment na magkakaloob ng $15 bilyon sa itinalagang pagpopondo sa pagpapalit para sa mga lead service line. At dagdag sa nailaang pamumuhunan sa mga lead service line, ang Batas ay nagbibigay ng dagdag pa na  $11.7 bilyon na pagpopondo sa pamamagitan ng DWSRF, na magagamit rin para sa mga proyekto sa pag-aalis ng lead.
- **Patas na Pamamahagi ng Mga Pondo.** Maghahanap ang EPA ng mga oportunidad na magbibigay ng teknikal na tulong sa maliiit at dehadong mga komunidad, itataguyod ang kamalayan sa pagkakaroon ng mga programa sa pagpopondo na ito para matugunan ang lead sa iniinom na tubig at bigyang diin ang mga case study mula sa mga komunidad na matagumpay na natugunan ang mga ikinababahala hinggil sa paggamit ng mga pampublikong pondo para sa pribadong parte ng mga pagpapalit sa mga lead service line. Ang dalawang mga programa ng EPA na mahalaga sa layunin ng EPA para mapabilis ang pagpapalit sa mga lead service line ay mga paunang programa sa ilalim ng Justice 40 Initiative: Ang Drinking Water State Revolving Fund (DWSRF) at ang Water Infrastructure Improvements for the Nation Act (WIIN) na Nagbabawasa sa Lead sa Iniinom na tubig na Grant. Kasama ng EPA ang mga stakeholder upang makatuklas ng mga oportunidad upang sukdulang magamit ang mga benepisyo ng mga programang ito sa mga dehadong komunidad, kasama na ang mga tiyak na paggamit sa mga proyekto sa pagpapalit ng mga lead service line.
- **Pederal na Pagtulong para Matugunan ang Lead sa Iniinom na Tubig sa Paaralan at Child Care.** Tutuklasin ng EPA ang maaaring pakikiisa sa iba pang mga pederal na ahensya para maayos ang lead sa iniinom na tubig sa mga paaralan at child care facility, na tiyak na nakatuon sa mga komunidad na nangagnanib ng maraming mga uri ng pagkakalantad sa lead.
- **Nakatarget na Teknikal na Tulong sa Mga Komunidad na May Mataas na Level ng Lead sa Iniinom na Tubig** Makikipagtulungan ang EPA sa mga estado at Tribe na may pangunahing responsibilidad sa pagpapatupad para sa mga pampublikong water system upang makapagbigay ng pananaw at tulong sa mga komunidad na nakakaranas ng mataas na level ng lead sa kanilang iniinom na tubig.

- **Pagpapahusay sa Risk Communication Tool.** Nilalayon ng EPA na makabuo ng patnubay at mga tempalte para makatulong sa mga estado, Tribe at water system sa komunidad ng panganib ng lead sa mga sambahayan at komunidad.
- **Hindi hikayatin ang Bahagyang Lead Service Line na Pagpapalit at Hikayatin ang Ganap na Pagpapalit.** Magbibigay ang EPA ng pagsasanay, patnubay, at tools sa pagde-develop ng mga programa sa pagpapalit ng lead service line, kasama na kung paano wastong magawa ang pag-aalis sa mga ito. Magbibigay ang EPA ng mga patnubay sa mga available na paraan sa pagpapalit ng mga kumpletong lead service line sa ligtas at mabisang paraan na posible.